

WARM-UP

- Magkuwento tungkol sa isang hindi mo malilimutang alaala tungkol sa Pasko.
- Ano ang isang hindi magandang kaugalian na nabago mo? Paano mo nagawang baguhin ang kaugaliang ito?
- Ano ang pinakamalaking pagsubok na naranasan mo ngayong taon? Ibahagi ang isang aral na natutunan mo mula dito.

WORD *Ang tunay na ilaw na nagbibigay-liwanag sa lahat ng tao ay dumating na sa mundo. JUAN 1:9*

Ang isa sa mga nakasasabik na bagay tungkol sa Pasko ay ang makita ang mga ilaw at dekorasyon sa lahat ng lugar. Subalit noong unang Pasko, may isang ilaw—*ang tunay na ilaw*—na dumating at nagbigay ng liwanag sa lahat. Ang ilaw na ito ay si Jesus. Pumarito Siya sa mundo hindi upang alisin ang pisikal na kadiliman, kundi ang espirituwal na kadiliman sa sangkatauhan. Ngayon, tingnan natin kung paano naaapektuhan ng tunay na liwanag ang ating mga buhay.

1 | Ang tunay na ilaw ay nagtatatuboy ng kadiliman.

⁴Ang Salita ang pinagmumulan ng buhay, at ang buhay na ito'y ilaw, dahil ito ang nagbibigay-liwanag sa mga tao. ⁵Ang ilaw na ito'y nagliliwanag sa kadiliman, at hindi ito nadaig ng kadiliman. . . . ⁹Ang tunay na ilaw na nagbibigay-liwanag sa lahat ng tao ay dumating na sa mundo. **JUAN 1:4,5,9**

Si Jesus ang tunay na ilaw at pinagmumulan ng liwanag. Sa kabuuan ng Ebanghelyo ni Juan, inihayag ni Jesus na Siya ang liwanag at sa Kanya, walang anumang kadiliman. Noong kapanahunang iyon, ang ilaw ay itinuturing na buhay. Sila ay magsisimulang magtrabaho at magpakahirap sa pagsikat ng araw, at pagkatapos ay magpapahinga sa paglubog ng araw. Walang buhay kung walang ilaw. Nang ihayag ni Jesus ang Kanyang sarili bilang ilaw, sinasabi Niya na Siya ang pinagmumulan ng buhay. Siya ang liwanag na magtatatuboy ng kadiliman sa ating mga kaluluwa. Hindi na tayo muling mamumuhay sa espirituwal na kadiliman sapagkat sa Kanya, tayo ay may *ilaw na nagbibigay-buhay* (Juan 8:12). Ang kadiliman ay hindi kailanman magtatagumpay laban sa liwanag ni Jesus. Paano mababago ng kaalamang ito ang paraan mo ng pamumuhay?

2 | Ang tunay na ilaw ay nagliliwanag sa atin.

⁶Isinugo ng Diyos ang isang tao na ang pangalan ay Juan.

⁷Isinugo siya upang magpatotoo kung sino ang ilaw, upang sa pamamagitan ng kanyang patotoo ay sumampalataya ang lahat ng tao. ⁸Hindi si Juan ang mismong ilaw, kundi naparito siya upang magpatotoo kung sino ang ilaw. **JUAN 1:6-8**

Tulad ni apostol Juan, tayo ay dapat na maging mga patotoo tungkol kay Jesus, ang ilaw, upang ang iba ay maniwala rin sa Kanya. Tayong mga mananampalataya ay tinawag mismo ni Jesus na ilaw ng mundo. Tayo ay inatasan Niya na ipakita ang ating ilaw sa iba upang makita nila ang ating mabubuting gawa at makapagbigay tayo ng karangalan sa ating Ama na nasa langit (Mateo 5:16). Hindi lamang tayo ang makikinabang sa ilaw ni Jesus. Ninanais Niya na Siya ay makilala ng lahat ng tao upang sila ay maligtas. Paano mo naibahagi ang ilaw ni Jesus sa ibang tao?

APPLICATION

- Ikaw ba ay nabubuhay pa rin sa kasamaan? Ngayong alam mo na si Jesus ang tunay na liwanag, hilingin sa isang kakilala na tulungan kang tanggapin Siya sa iyong buhay upang maranasan mo ang pagkakaroon ng liwanag ng buhay.
- Basahin at pag-aralan ang Mateo 5:14–16. Ano ang ilang paraan kung paano mo maipakikita ang iyong ilaw sa ibang tao ngayong linggo?
- Ilista ang panglan ng tatlong kaibigan na nangangailangang makakilala at maranasan ang katotohanan ni Jesus, ang tunay na ilaw, bilang kanilang Panginoon at Tagapagligtas. Mangakong ipapangaral sa kanila ang ebanghelyo ngayong linggo.

